

## Protokol para sa Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad sa COVID-19 sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon

### Kamakailang mga Pagbabago:

10/18/20: Nagdagdag ng pangungusap sa pahina 2 para linawin na kung ang isang pagkalantad ay mangyayari sa isang silid-aralan sa lugar ng ECE o isang pangkat sa lugar ng ECE, ang buong silid-aralan o pangkat ay itinuturing na nalantad at mangangailangan ng quarantine. Binago ang nilalaman sa pag-sala ng mga sintomas bago ang pagpasok o habang nasa isang tagpuan ng ECE sa pahina 2 (mga pagbabago ay nakakulay dilaw).

10/9/20: Nagdagdag ng seksyon sa mga landas ng desisyon para sa mga taong nai-sala na positibo para sa mga sintomas sa oras ng pagpasok o habang nasa pang-edukasyong lugar ngunit hindi pa nasusuri para sa impeksyon ng COVID-19. Nagdagdag ng mga hyperlink para sa mga tagubilin ng pagbubukod at pag-quarantine. Nagbigay ng karagdagang impormasyon sa ginagampanan ng Tagapag-ugnay (Liaison) sa COVID-19 ng Sentro ng ECE. Nilinaw na ang mga indibidwal sa nasa Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak ay mga taong kaanib sa pang-edukasyong lugar (mga pagbabago ay naka-kulay dilaw).

Isang nakatuon na pagtugon ng pampublikong kalusugan para pigilan ang mga pagkakalantad sa COVID-19 sa antas ng komunidad ay maaaring makatulong para labis na palakasin ang epekto ng pagtugon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa COVID-19.

Ang mga Tagabigay ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon ay mga mapagkakatiwalaang kasama sa komunidad na maaaring makatulong sa DPH para mapagbuti ang pagka-  
napapanahon at epekto ng pagtugon ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng agarang pagsisimula ng isang Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad sa COVID-19 (COVID-19 Exposure Management Plan o EMP). Ang agarang pagpapatupad ng isang EMP pagkatapos na kilalanin ang isang kaso ng COVID-19 sa Sentro ng ECE (ECE Center) ay maaaring makapagpabilis sa kakayahan na pigilan ang pagkalat ng COVID-19 at maiwasan ang nag-iisang kaso na iyon na maging sanhi ng pagkalat sa lugar.

Ang mga hakbang para sa pangangasiwa ng pagkakalantad sa 1, 2, at 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa mga lugar ng ECE ay inilarawan sa ibaba at ibinuod sa Apendiks A. Dahil sa ang mga Tagapagbigay ng ECE (ECE Providers) ay mag-iiba-iba sa antas ng mapagkukunang gamit para sa pangangasiwa ng pagkakalantad sa COVID-19, ang mga *kailangang* hakbang ay ang mga pinakamababang elemento na dapat isama sa EMP. Ang mga *nirerekomendang* hakbang ay kinabibilangan ng mga opsyonal na elemento para sa pangangasiwa ng pagkakalantad kung saan ang mga mapagkukunan ng sentro ay sapat.

Tandaan na ang mga reperensiya sa “mga sentro”, “mga kapaligiran” o “mga lugar” ay nalalapat sa lahat ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pambata (childcare providers), kabilang ang mga tagapagbigay ng pangangalang pambata sa tahanan ng pamilya (family child care home providers). Ang salitang “kaso” ay ginamit para tumukoy sa taong nauugnay sa lugar ng ECE na mayroong COVID-19 na impeksyon. Kung saan ang dokumentong ito ay nagtatawag ng mga aksyon sa panig ng lugar patungkol sa kaso (tulad ng pagbibigay ng mga tagubilin), ang kaso ay dapat na

maunawaan bilang ang naapektuhan na kawaning tao o ang magulang (o tagapag-alaga/katiwala) ng naapektuhang bata.

Pagpapalano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad Bago Kilalanin ang 1 Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE (ECE Site)

□ *Kailangan:* Isang itinalagang Tagapag-ugnay (Liaison) ng Sentro ng ECE laban sa COVID-19 na nagsisilbi bilang punto sa pakikipag-ugnayan para sa mga protokol sa kaligtasan sa COVID-19. Ang itinalaga ang magtitiyak na ang mga kawani, mga pamilya at mga bata ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19 at magsisilbing tagapag-ugnay sa DPH para sa pagbabahagi ng nasa antas ng lugar na impormasyon upang mapadali ang aksyon ng pampublikong kalusugan.

□ *Kailangan:* Ang lugar (setting) ng ECE ay dapat na sumunod sa gabay ng DPH sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasala na positibo para sa mga sintomas bago ang **pagpasok sa lugar ng ECE** o habang nasa **lugar ng ECE**.

Pangangasiwa sa Pagkakalantad para sa 1 Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE

□ *Kailangan:* Pagkatapos na kilalanin ang 1 kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo (bata o empleyado), ang Tagapagbigay ng ECE (ECE Provider) ay uutusan ang kaso na sundin ang mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay (Home Isolation Instructions) para sa COVID-19 ([ph.lacounty.gov/covidisolation](http://ph.lacounty.gov/covidisolation))

□ *Kailangan:* Ipagbibigay-alam ng Tagapagbigay ng ECE sa kaso na ang DPH ay direktang makikipag-ugnayan sa kaso sa pamamagitan DPH Kaso at Kontak sa Programa ng Pagsisiyasat para mangalap ng karagdagang impormasyon at ilabas ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod ng Kaso (Case Isolation).

□ *Kailangan:* Ang Tagapag-ugnay sa COVID-19 ng Sentro ng ECE ay lilikha ng isang listahan ng mga bata at/o empleyado na nakapunta sa lugar ng ECE na may impeksyon ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo at isang listahan ng mag-aaral at/o mga empleyado na kaanib sa lugar ng ECE na may pagkakalantad sa nahawaang tao habang ito ay nakakahawa. Ang Tagapag-ugnay sa COVID-19 ng Sentro ng ECE ay isusumite ang impormasyong ito sa DPH gamit ang [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) sa loob ng 1 araw ng negosyo (1 business day) pagkatapos ng notipikasyon ng kaso. Kung kakailanganin, maaaring humiling ng karagdagang oras. Para sa teknikal na tulong sa kung papaano kumpletuhin ang listahan ng linya, makipag-ugnayan sa: [ACDC- Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).

- Ang isang kaso ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago lumabas ang kanilang mga sintomas hanggang sa panahon na sila ay hindi na kailangang ibukod (hal., walang nang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras, nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat AT ang mga sintomas ay bumuti na AT hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula nang unang lumabas ang mga sintomas). Ang isang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago kinuha ang kanilang pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri.
- Ang isang tao ay itinuturing na nalantad kung isa sila sa mga sumusunod:

- Kung ang pagkalantad ay nangyari sa isang silid-aralan ng ECE o pangkat ng ECE, ang lahat ng mga tao na nasa silid-aralan o pangkat noong panahon na nakakahawa ay itinuturing na nalantad sa oras na ito.
- Isang indibidwal na nasa 6 na talampakan ang layo sa nakakahawang tao nang higit sa 15 minuto, kahit na nakasuot ng isang hindi-medikal na pantakip ng mukha;
- Isang indibidwal na nagkaroon ng hindi protektadong kontak sa likido ng katawan ng nakakahawang tao at/o mga inilalabas ng katawan ng isang taong kumpirmado o pinaghihinalaan na may COVID-19 (hal., naubuhan o nabahingan, pagsasalo-salo ng mga kubyertos o laway, o pagkakaloob ng pangangalaga nang hindi gumagamit ng naaangkop na pamprotektang kagamitan).

☐ *Kailangan:* Ang mga bata at empleyado na kinilala na nagkaroon ng pagkakalantad sa kaso sa lugar ay inaabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE sa pamamagitan ng isang sulat o iba pang mga estratehiya ng komunikasyon. Ang isang Template ng Sulat ng Abiso sa Pagkakalantad ay magagamit sa: [COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon](#). Dapat na isama sa abiso ng pagkakalantad ang mga sumusunod na mensahe:

- Ang mga empleyado at mga bata na may pagkakalantad sa kaso ay dapat na masuri para sa COVID-19, maging sila man ay may mga sintomas o wala, at ipagbigay-alam sa Tagapagbigay ng ECE ang mga resulta ng pagsusuri. Tutukuyin nito ang lawak ng pagkalat ng sakit sa lugar ng ECE at magsisilbing batayan para sa mga karagdagang hakbang sa pagkontrol. Ang mga mapagkukunan ng pagsusuri ay kinabibilangan ng: mga Serbisyo sa Kalusugan ng Empleyado o mga Serbisyo sa Kalusugan sa trabaho, Sentro sa Kalusugan ng mag-aaral, Tagapagbigay ng Pangangalaga sa Kalusugan, Lugar sa Pagsubok sa Komunidad: [covid19.lacounty.gov/testing](https://www.covid19.lacounty.gov/testing). Ang mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng isang tagapagbigay ng medikal (medical provider) ay maaaring tumawag sa Linya ng Impormasyon ng La County 2-1-1, na magagamit 24/7.
- Ang mga nalantad na empleyado at bata ay dapat na i-quarantine nang 14 na araw mula sa huling pagkakalantad sa kaso habang ito ay nakakahawa (tulad ng tinukoy sa itaas), kahit na sila ay nakatanggap ng negatibong resulta sa panahon ng kanilang pagpapapisa. Ang isang tao na nasuring negatibo ay maaaring magkaroon ng sakit kalaunan, may mga sintomas man o wala, kung nasuri noong panahon ng pagpapapisa (ang panahon sa pagitan ng pagkakalantad at pagsisimula ng sakit). Ang Gabay para sa Pagquarantine sa Bahay ay magagamit sa: [ph.lacounty.gov/covidquarantine](https://www.ph.lacounty.gov/covidquarantine).
- Ang DPH ay direktang makikipag-ugnayan sa mga nalantad na empleyado at bata sa pamamagitan ng DPH Kaso at Kontak Programa ng Pagsisiyasat para mangalap ng karagdagang impormasyon at ilabas ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagquarantine.

☐ *Nirerekomenda:* Ang Tagapagbigay ng ECE ay tutukuyin kung kakailanganin ng karagdagang abiso para ipagbigay-alam sa mas malawak na komunidad ng sentro ng ECE ang tungkol sa pagkakalantad sa lugar at mga pag-iingat na ginagawa para pigilin ang pagkalat ng COVID-19. Ang isang pangkalahatang template ng Sulat ng Abiso ay magagamit sa: [COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon](#).

Pangangasiwa sa Pagkakatantad para sa 2 Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE sa Loob ng 14 na araw na Panahon

*Kailangan:* Pagkatapos na kilalanin ang 2 kaso na kumpirmado ng laboratoryo (mga bata at/o mga empleyado) sa loob ng 14 na araw na panahon, ang Tagapagbigay ng ECE ay susunod sa mga *kinakailangang* hakbang inilaan para sa 1 kumpirmadong kaso.

*Nirerekomenda:* Ang Tagapagbigay ng ECE ay tutukuyin kung ang 2 kaso ay epidemiolohikang may koneksyon, nangangahulugan na ang dalawang naapektuhang indibidwal ay parehong naroon sa isang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang nakakahawa.\*

*\*Ang isang kaso ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumabas hanggang sa panahon na sila ay hindi na kailangang ibukod (hal., walang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras, nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat AT ang mga sintomas ay bumuti na AT hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula nang unang lumabas ang mga sintomas). Ang isang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago kinunan ang kanilang pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri.*

- Ang pagtukoy ng mga epidemiolohikang koneksyon sa pagitan ng mga kaso ay maaaring kailanganin ng karagdagang imbestigasyon para matasa ang kasaysayan ng pagkakatantad at kilalanin ang mga posibleng lokasyon at mga tao na maaaring nalantad sa kaso habang ito ay nakakahawa sa lugar/site. TANDAAN: Ang mga kaso na epidemiolohikang konektado ay kinabibilangan ng mga tao na may mga natutukoy na koneksyon sa isa't isa tulad ng pagbabahagi ng isang pisikal na espasyo (hal. nasa isang silid-aralan, opisina, o pagtitipon), na nagpapahiwatig ng isang mas mataas na posibilidad ng konektadong pagkalat ng sakit sa lugar na iyon sa halip na manaka-nakang transmisyon mula sa mas malawak na komunidad. Magagamit ang isang kasangkapan para tumulong sa pagtatasa ng mga epidemiolohikang koneksyon sa: [COVID-19 Pagkakatantad Worksheet ng Pagsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon](#) sa teknikal na tulong sa kung paano magtasa para sa mga epidemiolohikang koneksyon, mangyaring makipag-ugnayan sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).
- Kung walang mga epidemiolohikang koneksyon, ang Tagapagbigay ng ECE ay magpapatuloy sa nakagawiang pangangasiwa sa pagkakatantad.
- Kung mayroong mga epidemiolohikang koneksyon, ang Tagapagbigay ng ECE ay muling pagtitibayin ang mga mensahe sa mga bata at empleyado tungkol sa mga pag-iingat na gagawin para pigilin ang pagkalat sa kapaligiran, kabilang ang pagpapatupad ng partikular sa lugar na mga interbensyon.

Pangangasiwa sa Pagkakatantad para sa  $\geq 3$  Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE sa Loob ng 14 na araw na Panahon

*Kailangan:* Kung ang Tagapagbigay ng ECE ay kinilala ang isang kumpol ng 3 o higit pang kaso na kumpirmado ng laboratoryo sa mga bata at/o empleyado sa loob ng 14 na araw na panahon, ang Tagapagbigay ng ECE ay dapat na ituloy ang mga sumusunod na hakbang:

- Iulat ang kumpol sa DPH Acute Communicable Disease Control (ACDC) Koponan ng Sektor ng Edukasyon sa loob ng 1 araw ng negosyo sa pamamagitan ng email sa : [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821.
- Kumpletuhin ang *Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak* (Line List for Cases and Contacts), na magagamit sa: [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](https://www.lacounty.gov/health/COVID-19/Kaso-at-Kontak-Listahan-ng-Linya-para-sa-Sektor-ng-Edukasyon) at isumite ito sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov). Para sa teknikal na tulong sa kung paano kumpletuhin ang listahan ng linya, makipag-ugnayan sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).
- Ang ACDC Koponan ng Sektor ng Edukasyon ay susuriin ang *Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak* (Line List for Cases and Contacts) para tukuyin kung ang pamantayan sa pagkalat ay naabot na. Ang koponan ng ACDC ay makikipag-ugnayan sa Tagapagbigay ng ECE sa loob ng 1 araw ng negosyo para magpayo sa mga susunod na hakbang.
- Kung ang pamantayan sa pagkalat ay hindi naabot, ang Tagapagbigay ng ECE ay magpapatuloy sa nakagawiang pangangasiwa sa pagkakalantad.
- Kung ang pamantayan sa pagkalat ay naabot, ang DPH Outbreak Management Branch (OMB) ay isasaaktibo.
- Isang imbestigador ng pampublikong kalusugan ng OMB ay itinalaga para makipag-ugnayan sa Tagapagbigay ng ECE tungkol sa pangangasiwa ng pagkalat sa panahon ng imbestigasyon sa pagkalat.
- Ang COVID-19 Tagapag-ugnay (Liaison) ng Tagapagbigay ng ECE ay magsusumite ng hiniling na impormasyon, kabilang ang mga pagbabago sa *Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak* (Line List for Cases and Contacts) sa imbestigador ng OMB hanggang ang pagkalat ay mapunan.

□ *Nirerekomenda*: Bago ang pag-uulat ng isang kumpol sa DPH ACDC Koponan ng Sektor ng Edukasyon, ang Tagapagbigay ng ECE ay tutukuyin kung hindi bababa sa 3 kaso sa kumpol ay mayroong mga epidemiolohikang koneksyon. Magagamit ang isang kasangkapan para tumulong sa pagtatasa ng mga epidemiolohikang koneksyon sa: [COVID-19 Pagkakalat Worksheet ng Pagsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon](#).

Pamantayan sa Pagkalat ng COVID-19 para sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon

Hindi bababa sa 3 kaso na kumpirmado ng laboratoryo sa lugar ng ECE na may mga sintomas (symptomatic) o walang mga sintomas (asymptomatic) ng COVID -19 sa tagal na 14 na araw na panahon sa loob ng isang grupo\* na may mga miyembro na epidemiolohikang konektado, hindi magkakasama sa isang sambahayan, at hindi malapitang nakasalamuha ng isa't isa sa labas ng kampus.

*\*Ang mga grupo ay kinabibilangan ng mga tao na nagbabahagi ng karaniwang pagkamiyembro (hal., parehong silid-aralan, kaganapan sa ECE, ekstrakurikular na aktibidad sa ECE). Ang mga epidemiolohikang koneksyon ay nangangailangan na naroon ang mga nahawaang tao sa ilang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang nakakahawa.*

## Apendiks A: Mga Hakbang para sa Pangangasiwa ng mga Pagkakatantad para sa 1, 2, at 3 o Higit pang mga Kaso ng COVID-19 sa isang Lugar ng ECE

<b>1 Kaso</b>	<p>1) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay tuturuan ang kaso na sundin ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay (a).</p> <p>2) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay ipagbibigay-alam sa kaso na ang DPH ay direktang makikipag-ugnayan sa kanila para kumuha ng karagdagang impormasyon at maglalabas ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod (a).</p> <p>3) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay makikipagtulungan kasama ang kaso para kilalanin ang mga nakasalamuha o kontak sa ECE.</p> <p>4) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay aabisuhan* ang mga nakasalamuha o kontak sa sentro ng ECE tungkol sa pagkakatantad at uutusan silang mag-quarantine sa bahay (b) at magpasuri para sa COVID-19.</p> <p>5) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay ipagbibigay-alam sa mga nakasalamuha o kontak sa sentro ng ECE na ang DPH ay direktang makikipag-ugnayan sa kanila para kumuha ng karagdagang impormasyon at maglalabas ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagquarantine (b).</p> <p>6) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay magsusumite ng impormasyon ng kontak ng kaso at mga kontak sa lugar gamit ang <a href="#">COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon</a> at ipadadala sa DPH sa: <a href="mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov">ACDC-Education@ph.lacounty.gov</a>.</p> <p>7) <i>Nirerekomenda:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay magpapadala ng pangkalahatang abiso* para ipagbigay-alam sa mas malawak na komunidad ng sentro ng ECE ang tungkol sa pagkakatantad sa lugar at mga pag-iingat na ginagawa para pigilin ang pagkalat.</p> <p>*Ang mga template para sa abiso ng kontak at pangkalahatang abiso ay magagamit sa: <a href="#">COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon</a>.</p>
<b>2 Kaso</b>	<p>1) <i>Kailangan:</i> Sundin ang mga kinakailangang hakbang inilaan para sa 1 kumpirmadong kaso.</p> <p>2) <i>Nirerekomenda:</i> Kung ang 2 kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng isa't isa, ang Tagapagbigay ng ECE ay tutukuyin kung ang mga kaso ay may mga epidemiolohikang (epi) koneksyon. Isang kasangkapan na <a href="#">COVID-19 Pagkakatantad Worksheet ng Paqsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon</a> ay magagamit para tumulong magtasa sa mga epi koneksyon. Kung may mga epi koneksyon: Ang mga lugar ng ECE ay magpapatupad ng mga karagdagang hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.</p>
<b>3+ Kaso</b>	<p>1) <i>Kailangan:</i> Kung ang isang kumpol ng 3 o higit pang mga kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng isa't isa, ang Tagapagbigay ng ECE ay aabisuhan ang DPH sa: <a href="mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov">ACDC-Education@ph.lacounty.gov</a>.</p> <p>2) <i>Nirerekomenda:</i> Bago ang pag-aabiso sa DPH tungkol sa kumpol, tutukuyin ng Tagapagbigay ng ECE kung hindi bababa sa 3 kaso ang mayroong mga epi koneksyon.</p> <p><i>Kailangan:</i> Hihilingin ng DPH na makumpleto ng Tagapagbigay ng ECE ang <a href="#">COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon</a> upang tukuyin kung ang pagkalat ay naabot na ang pamantayan sa pagkalat. Kung ang pamantayan sa pagkalat ay <u>naabot</u>, ang DPH Outbreak Management Branch (OMB) ay isasaaktibo at ang isang imbestigador ng OMB ay makikipag-ugnayan sa lugar ng ECE para isaayos ang imbestigasyon sa pagkalat.</p> <p>3) <i>Kailangan:</i> Ang Tagapagbigay ng ECE ay magbibigay ng mga pagbabago ng impormasyon sa imbestigador ng OMB hanggang ang pagkalat ay malutas.</p>
<b>a.</b>	<p>Utos ng Opisyal ng Kalusugan, ang mga kaso ay inuutusan na magbukod ng sarili hanggang sa mawala ang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras (nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat) AT ang mga sintomas sa palahingahan ay bumuti na AT hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula nang unang lumabas ang mga sintomas O, kung ang</p>

kaso ay walang mga sintomas, hanggang 10 araw na ang nakalipas pagkatapos makunan ang kanilang positibong pagsusuri: [ph.lacounty.gov/covidisolation](https://ph.lacounty.gov/covidisolation).

- b.** Utos ng Opisyal ng Kalusugan, ang mga nakasalamuha o kontak ay inuutusan na mag-quarantine nang 14 na araw mula sa petsa ng huling pagkakatantad sa kaso habang ito ay nakakahawa: [ph.lacounty.gov/covidquarantine](https://ph.lacounty.gov/covidquarantine).